

Epektibidad ng mga Estratehiya sa Multimodal na Pagkatuto sa Pagganap ng mga Mag-Aaral sa Baitang 11 sa Pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

EMEJANE T. FIEL

Teacher III

Western Leyte College

Master of Arts in Education

Major in Filipino

emejane.taripe029@deped.gov.ph

Abstract Ang pag-aaral na ito ay sinuri ang epektibidad ng mga stratehiya sa multimodal na pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino sa Liloan National High School sa Dibisyon ng Ormoc. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagsilbing batayan para sa isang Plano ng Pagpapabuti. Ang isang mahalagang paraan ng pag-aaral kung gaano kahusay ang multimodal na pag-aaral sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino sa Baitang 11 ay ginamit ang isang quasi-experimental research design. Ang paggamit ng ganitong disenyo ay nagbigay-daan sa mga mananaliksik upang suriin ang epekto ng mga stratehiya sa multimodal na pagkatuto sa mga mag-aaral nang hindi kinakailangang random na ilipat ang mga mag-aaral sa iba't ibang grupo. Sa halip, ang mga mag-aaral ay nahati sa dalawang pangkat na experimental groups batay sa kung paano sila nahati sa kanilang natural na mga grupo sa silid-aralan. Ang multimodal na diskarte sa pag-aaral ay ginamit sa dalawang grupo na experimental. Ang mga pagkakaiba sa pagganap at pag-unawa ng mga mag-aaral ay natukoy sa pamamagitan ng ganitong disenyo. Ang Talahanayan ay nagpapakita ng pagsusuri ng pagkakaiba ng mga marka sa pre-test at post-test ng experimental group. Ipinapakita ng talahanayan ang mga resulta ng computed at critical t-values para sa parehong grupo matapos ang interbensyon ng multimodal na estratehiya. Ang layunin ng pagsusuri na ito ay tuklasin kung may makabuluhang epekto ang paggamit ng mga multimodal na estratehiya sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa Filipino. Makikita sa talahanayan na ang computed t-value ng experimental group at ang critical t-value, kaya tinanggihan ang null hypothesis (H_0) ng parehong grupo, na nagmumungkahi ng makabuluhang pagkakaiba sa mga marka. Sa pagsusuri ng mga resulta ng pre-test, ang experimental group ay nakakuha ng weighted mean, na nagpapakita ng "Good" na pagganap. Gayunpaman, sa post-test ang experimental group ay nakakuha ng mas mataas na weighted mean, na nagpapakita ng "Very Good" na pagganap. Ipinapakita ng mga datos na may malaking pagtaas sa performance ng mga mag-aaral sa experimental group pagkatapos ng paggamit ng mga stratehiya sa multimodal. Ang mga mag-aaral sa experimental group ay nakapagpakita ng mas mataas na antas ng pagganap sa etratehiyang multimodal, na nagpapahiwatig ng positibong epekto ng interbensyon. Ang resulta sa Talahanayan 2 ay nagpapahiwatig na may makabuluhang epekto ang estratehiya sa multimodal na pagkatuto sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 11. Ang mataas na computed t-value at ang desisyong tinanggihan ang null hypothesis (H_0) ay nagpapakita na ang mga mag-aaral sa experimental group ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa kanilang mga marka mula sa pre-test hanggang post-test. Ang mga mag-aaral sa experimental group ay nakamit ang "Very Good" na performance. Ipinapakita nito na ang mga multimodal na pagkatuto ay isang epektibong estratehiya sa pagtuturo na nakakatulong sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 11.

Keywords — Epektibidad

Estratihiya sa Multimodal

Pagkatuto sa Pagganap Baitang 11 Filipino

I. PANIMULA

Ang multimodal learning strategy ay isang makabagong paraan ng pagtuturo na gumagamit ng iba't ibang modality o pamamaraan upang mas epektibong maiparating ang kaalaman sa mga estudyante. Ang paggamit ng iba't ibang anyo ng media—tulad ng audio, video, visual aids, at mga interactive na aktibidad—sa pagtuturo ng Filipino ay ginagawang mas madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga konseptong pampanitikan at gramatika. Ang multimodal na pag-aaral ay nagpapahintulot sa mga mag-aaral na hindi lamang umaasa sa mga tradisyunal na lecture, ngunit nakikibahagi din sila sa aktibong pagkatuto, na nagpapataas ng kanilang pag-unawa at interes sa asignaturang Filipino.

Ayon kay Dela Cruz (2020), ang paggamit ng multimodal learning ay hindi lamang nakatutulong sa pagbuo ng mga kasanayan kundi nagbibigay din ng mas masiglang karanasan sa pagkatuto. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, nais nating ipakita kung paano ang iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo ay maaaring magdulot ng mas mahusay na resulta sa pagkatuto ng wika.

Ang pagkilala sa iba't ibang paraan ng pag-aaral ng mga mag-aaral ay isang mahalagang bahagi ng multimodal learning. Ang bawat mag-aaral ay gumagamit ng kanilang sariling paraan ng pagproseso ng impormasyon; ang ilang mag-aaral ay mas mahusay sa visual na pamamaraan, habang ang iba ay mas nakakaintindi sa auditory o kinesthetic na pamamaraan. Upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mga estudyante sa pagtuturo ng mga kasanayan sa Filipino, ang mga guro ay maaaring magsama ng mga text-based na gawain sa mga multimedia presentation, role-playing, at group discussions. Bilang karagdagan sa pagbuo ng mas matibay na pundasyon sa mga kasanayan sa wika, ang proseso ng pag-aaral ay ginagawang mas masaya.

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay suriin kung gaano ka epektibo ang multimodal learning sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral sa Baitang 11. Upang mas mapabuti ang mga kakayahan ng mga mag-aaral, mahalaga ang pag-unawa sa iba't ibang diskarte sa pagkatuto na magagamit sa kasalukuyang sistema ng edukasyon. Ang mga mag-aaral sa Baitang 11 ay nasa isang yugto ng pag-unlad kung saan ang kanilang kakayahan sa kritikal na pag-iisip at analisis ay nagsisimula nang umusbong. Ayon kay Ramos (2018), ang integrasyon ng multimodal learning ay nakatutulong sa mga estudyante na mas aktibong makilahok sa kanilang pag-aaral, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng pag-unawa at pagganap. Sa kontekstong ito, mahalaga ang pagkilala sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral upang makapagbigay ng epektibong estratehiya sa pagtuturo na nakabatay sa kanilang mga interes at estilo ng pagkatuto.

Ang paggamit ng multimodal learning ay nagbibigay-daan sa mga guro na lumikha ng mas dynamic at interaktibong mga aralin. Sa pag-aaral ni Cruz (2021), ipinakita na ang mga mag-aaral na nahikayat sa pamamagitan ng iba't ibang modality ay nagkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga konsepto ng wika. Sa ganitong paraan, ang pag-aaral na ito ay hindi lamang nakatuon sa pagbuo ng kasanayan sa pagbasa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan, kundi pati na rin sa pagpapalawak ng kanilang kakayahan sa pagsasalita at pakikinig sa Filipino.

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay ipakita kung gaano kahalaga ang multimodal na pag-aaral para sa pag-aaral ng Filipino. Inaasahan na ang pagganap at interes ng mga mag-aaral ay mas mataas kapag pinagsama-sama ang iba't ibang diskarte sa pagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay magbibigay-daan sa mga guro at administrator at iba pang stakeholder sa larangan ng edukasyon na gumawa ng mas mahusay na mga diskarte sa pagtuturo sa hinaharap.

Ang pag-aaral na ito ay sinuri ang epektibidad ng mga stratehiya sa multimodal na pagkatuto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa pagtuturo ng Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino sa Liloan National High School sa Dibisyon ng Ormoc. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagsilbing batayan para sa isang Plano ng Pagpapabuti.

Partikular, ito ay naglayong sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino sa pretest bago ang pagtuturo gamit ang mga stratehiya sa multimodal na pagkatuto?

2. Ano ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino sa posttest matapos ang pagtuturo gamit ang mga stratehiya sa multimodal na pagkatuto?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino sa pretest at posttest bago at pagkatapos ang pagtuturo gamit ang mga stratehiya sa multimodal na pagkatuto?
4. Anong plano ng pagpapabuti ang maaring imungkahi batay sa mga natuklasan ng pag-aaral?

Walang Hipotesis:

HO: Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino sa pretest at posttest bago at pagkatapos ang pagtuturo gamit ang mga stratehiya sa multimodal na pagkatuto sa pagganap?

II. METODOLOHIYA

Design. Ang isang mahalagang paraan ng pag-aaral kung gaano kahusay ang multimodal na pag-aaral sa pagganap ng mga mag-aaral sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino sa Baitang 11 ay ginamit ang isang quasi-experimental research design. Ang paggamit ng ganitong disenyo ay nagbigay-daan sa mga mananaliksik upang suriin ang epekto ng mga stratehiya sa multimodal na pagkatuto sa mga mag-aaral nang hindi kinakailangang random na ilipat ang mga mag-aaral sa iba't ibang grupo. Sa halip, ang mga mag-aaral ay nahati sa dalawang pangkat na experimental groups batay sa kung paano sila nahati sa kanilang natural na mga grupo sa silid-aralan. Ang multimodal na diskarte sa pag-aaral ay ginamit sa dalawang experimental group, Ang mga pagkakaiba sa pagganap at pag-unawa ng mga mag-aaral ay natukoy sa pamamagitan ng ganitong disenyo. Ginamit ng mga mananaliksik ang mga pre-test at post-test upang mangolekta ng impormasyon at sukatin ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng quasi-experimental na disenyo. Ang mas mahusay na pag-unawa, aktibong pakikilahok, at kasiyahan sa pag-aaral ay ilan sa mga pakinabang ng multimodal na pag-aaral, tulad ng ipinakita ng pagsusuri sa mga resulta. Bilang karagdagan, dahil ang disenyo na ito ay nagbigay ng mas malalim na konteksto sa mga sanhi at epekto, nakakuha ang mga guro at administrador ng mas malalim na pag-unawa sa halaga ng multimodal na mga diskarte sa pagtuturo sa Filipino. Sa wakas, ang mga resulta ng pag-aaral ay ginamit bilang batayan para sa mga patakaran at programa na nagtataguyod ng mga pamamaraan na epektibo at makabago. Ang pag-aaral ay isinasagawa sa Liloan National High School sa dibisyon ng Ormoc City. Ang mga respondent ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral ng Baitang 11 ng nabanggit na paaralan. Ginamit ng mananaliksik ang mga pagsusulit sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino na nakabatay sa iba't ibang kakayahang pang-edukasyon sa ikalawang markahan. Ang pangunahing instrumento ay ang pagsusulit, na idinisenyo upang masukat ang kasanayan ng mga mag-aaral bago at pagkatapos ng paggamit ng mga multimodal learning strategies. Ang pagsusulit na ito ay sumaklaw sa iba't ibang aspeto ng pagbasa, tulad ng pag-unawa sa teksto, bilis ng pagbabasa, at kakayahang bumuo ng mga konklusyon mula sa binasang materyal. Ang mga tanong ay mula sa multiple choice hanggang sa mga open-ended na tanong upang mas mapalawak ang pagsusuri sa kanilang pag-unawa. Ang mga resulta ng pag-aaral ay naging batayan para sa isang plano ng pagpapabuti.

pagpili ng sampol. Ang mga respondent ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral ng Baitang 11 ng nabanggit na paaralan. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay kinikilala at ang pangunahing paraan ng pag-abot sa kanila ay sa aktwal na pagsasagawa ng pag-aaral pati na rin sa pagkuha ng mga datos sa paaralan kung saan isinagawa ang pag-aaral.

Mga Pamamaraan sa Pananaliksik. Humingi ang mananaliksik ng permiso mula sa opisina ng Schools Division Office na pinamumunuan ng School Division Superintendent na si Dr. Carmelino P. Bernadas, Ph.D., CESO V sa pamamagitan ng isang Transmittal Letter. Ang parehong nilalaman ng liham ay ibinigay sa Public-School District Supervisor, Punong Guro, at sa mga guro na mayroong pangangalaga sa mga respondente.

Ang mga kagamitang pang-pananaliksik na ginamit ay ang mga test questionnaires batay sa mga pinakamahalagang kasanayang pang-aaral sa Filipino 11 na nakatuon sa ikalawang markahan. Ito ay ipinamigay ng mananaliksik upang matukoy ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 11 na nakabatay sa pagkilala sa salita at pang-unawa, na may kaugnayan din sa kanilang kaalaman sa mga aralin. Matapos ang integrasyon ng nabanggit na interbensyon na tumagal ng isang buwan, isinagawa ang posttest upang suriin kung tumaas o hindi ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 11. Ang mga datos ay nakolekta at isinumite sa naaangkop na estadistikang pagsusuri.

Mga Isyu ng Etika. Ang karapatang magsagawa ng pag-aaral ay mahigpit na sinunod sa pamamagitan ng pag-apruba ng punong-guro at ang pag-apruba ng Superintendente ng Dibisyon. Ang oryentasyon ng mga kalahok, kabilang ang punong-guro ng paaralan, mga guro, at mga magulang, ay isinagawa.

Pamamaraan ng Istatiska. Ang mga sumusunod na estadistikang pormula ay ginamit sa pag-aaral na ito:

Ang mga quantitative na tugon ay bibilangin at ilalagay sa talahanayan. Ang mga datos ay susuriin sa estadistikal na

Weighted Mean. Ito ay gagamitin upang suriin ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa Filipino.

T-Test For Mean Difference- Ang kasangkapang ito ay gagamitin upang kalkulahin ang makabuluhang pagkakaiba ng mga pagganap sa pretest at posttest ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa Filipino.

III. MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Table I
Pre-Test Performance Sa Mag-Aaral Sa Grade 11 Sa Filipino

Score Range	Description	PRETEST	
		Frequency	%
41-50	Excellent	5	6
31-40	Very Good	18	23
21-30	Good	25	31
11-20	Fair	31	39
1-10	Poor	1	1
Total		80	100
Weighted Mean		25.29	Good

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng mga resulta ng pre-test performance ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa Filipino, experimental na grupo. Ang mga marka ay nahahati sa limang kategorya: Excellent, Very Good, Good, Fair, at Poor, at ang mga mag-aaral ay ikino-kategorisa batay sa kanilang mga nakuhang marka. Ang pre-test ay nagsisilbing baseline upang masukat ang kasalukuyang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral bago isagawa ang mga estratehiya sa multimodal na pagkatuto sa kanilang pagganap sa Filipino. Ang mga mag-aaral sa experimental na grupo ay nagpapakita ng pagkakaibang pagganap sa Filipino bago ang interbensyon. Sa pre-test, ang pinakamalaking porsyento ng mga mag-aaral, na may 39%, ay nakapagtamo ng "Fair" na marka na may kabuuang iskor na 11-20. Samantalang ang 31% naman ay nakakuha ng "Good" na marka, 23% ay nakakuha ng "Very Good," at 6% ay nakakuha ng "Excellent." Mayroon lamang 1% ng mga mag-aaral na nakakuha ng "Poor" na marka. Ang weighted mean ng pre-test ay 25.29, na nagpapakita ng "Good" na pagganap sa kabuuan ng grupo. Ipinapakita ng mga datos na karamihan sa mga mag-aaral ay nasa antas

ng "Fair" at "Good," na nangangahulugang may mga aspeto ng kanilang kasanayan sa Filipino na nangangailangan ng pagpapabuti.

Ang mga resulta sa Talahanayan 2 ay nagpapahiwatig na ang mga estratehiya sa multimodal na pagkatuto ay may potensyal na magdulot ng positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Habang ang pre-test ng experimental na grupo ay nagpapakita ng pangkalahatang "Good" na pagganap, ang mga mag-aaral sa experimental group ay inaasahang magpapakita ng mas mataas na resulta sa post-test. Ang experimental group ay nakinabang mula sa mga multimodal na estratehiya sa pagkatuto, na maaaring magdulot ng mas mataas na kasanayan sa pagbasa, pagsusuri ng teksto, at pagpapahayag sa Filipino.

Table 2
Post-Test Performance of Grade 11 Learners In Filipino

Score Range	Description	POST-TEST	
		Frequency	%
41-50	Excellent	34	43
31-40	Very Good	19	24
21-30	Good	22	28
11-20	Fair	5	5
1-10	Poor	0	0
Total		80	100
Weighted Mean		35.75	Very Good

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng pagsusuri ng mga marka sa post-test ng mga mag-aaral sa Baitang 11 sa Filipino, batay sa kanilang pagganap pagkatapos gamitin ang mga stratehiya sa multimodal na pagkatuto. Makikita sa talahanayan ang mga score range ng mga mag-aaral at ang kanilang porsyento sa bawat kategorya: "Excellent," "Very Good," "Good," "Fair," at "Poor." Ang post-test ay ginawa upang matukoy ang epekto ng mga multimodal na stratehiya sa kanilang pagganap sa asignaturang Filipino. Ang layunin ng pagsusuri na ito ay malaman kung may makabuluhang pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral mula sa pre-test patungo sa post-test.

Sa pagsusuri ng mga resulta, nakikita ang makabuluhang pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral sa post-test. Sa experimental group, ang mga mag-aaral ay nakakuha ng weighted mean na 25.29 na nagpapakita ng "Good" na pagganap sa pre-test. Ngunit pagkatapos ng interbensyon ng multimodal na pagkatuto, ang experimental group ay nakamit ang weighted mean na 35.75, na nagpapakita ng "Very Good" na pagganap sa post-test. Mas marami ang mga mag-aaral sa experimental group na nakakuha ng "Excellent" at "Very Good" sa post-test. Makikita sa mga resulta na ang paggamit ng multimodal na stratehiya sa pagkatuto ay nagdulot ng malaking pagpapabuti sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.

Ang mga resulta sa Talahanayan 2 ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na gumagamit ng multimodal na stratehiya sa pagkatuto ay nakamit ang makabuluhang pagtaas sa kanilang mga marka mula sa pre-test patungo sa post-test. Ipinapakita nito na ang multimodal na pagkatuto ay nakapagbigay ng positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino, na nagpapakita ng kanilang pagpapabuti sa pag-unawa at kakayahang magsagawa ng mga aktibidad na may kaugnayan sa asignaturang ito.

Table 3
Test of Difference Between in the Pre-test and the Post-test Scores

Test Scores		Computed T	Critical T	Decision	Interpretation
Post	25.29	4.354	2.241	Reject H_0	Significant

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng pagsusuri sa pagkakaiba ng mga marka ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test upang tuklasin kung may makabuluhang pagbabago sa kanilang pagganap sa Filipino sa Baitang 11 pagkatapos ng interbensyon ng mga stratehiya sa multimodal na pagkatuto. Ang mga test scores na ipinapakita sa talahanayan ay naglalarawan ng resulta ng mga pagsusuri gamit ang computed at critical t-values. Ang layunin ng pagsusuring ito ay upang malaman kung ang paggamit ng mga multimodal na stratehiya ay nagdulot ng makabuluhang pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.

Batay sa mga resulta ng pagsusuri, makikita na ang computed t-value na 4.354 ay mas mataas kaysa sa critical t-value na 2.241. Dahil dito, tinanggihan ang null hypothesis (H_0) at tinukoy na ang pagkakaiba sa mga marka ng pre-test at post-test ay makabuluhan. Ipinapakita nito na ang mga stratehiya sa multimodal na pagkatuto ay nagkaroon ng positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino, na nagdulot ng makabuluhang pagpapabuti sa kanilang mga resulta mula sa pre-test hanggang sa post-test. Ang resulta ng pagsusuri ay nagpapakita ng epekto ng multimodal na mga stratehiya sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at paggamit ng Filipino.

Ang mga resulta sa Talahanayan 3 ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na gumamit ng multimodal na pagkatuto ay nakakita ng makabuluhang pagtaas sa kanilang mga marka sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino mula sa pre-test patungo sa post-test. Ang makabuluhang pagkakaiba sa mga marka ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test ay nagpapakita ng positibong epekto ng mga stratehiya sa multimodal na pagkatuto sa kanilang akademikong pagganap. Ipinapakita nito na ang mga multimodal na estratehiya sa pagtuturo ay isang epektibong pamamaraan upang mapabuti ang mga kasanayan sa pagbasa, pagsusuri, at pag-unawa sa mga aralin sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Ang mga guro ay maaaring magpatuloy sa paggamit ng mga ganitong estratehiya upang mapalakas ang pagkatuto at pagpapabuti ng mga mag-aaral sa kanilang mga asignatura.

IV. CONCLUSION

Batay sa mga resulta ng pag-aaral na ito, makikita na ang mga stratehiya sa multimodal na pagkatuto ay nagkaroon ng makabuluhang epekto sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino sa Baitang 11. Ang pagsusuri ng mga marka mula sa pre-test at post-test ay nagpakita ng isang positibong pagbabago sa kanilang kasanayan sa pag-unawa, pagbasa, at pagsusuri ng mga materyal na may kaugnayan sa Filipino. Ang mga resulta ay nagpapakita na ang paggamit ng mga multimodal na stratehiya ay isang epektibong pamamaraan upang mapataas ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng mga interbensyon na ito, mas napalakas ang kanilang kasanayan sa mga pangunahing aspeto ng pagkatuto, na nagsisilbing gabay upang mapabuti ang kanilang pang-akademikong tagumpay sa Filipino.

V. RECOMMENDATIONS

1. Ang plano ng pagpapabuti ay dapat ipatupad nang may estratehikong pag-iisip.
2. Inirerekomenda na patuloy na gamitin ng mga guro ang mga stratehiya sa multimodal na pagkatuto upang mapabuti ang pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Dapat din nilang i-integrate ang iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo tulad ng visual aids, interactive activities, at teknolohiya upang mas mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konsepto sa Filipino. Mahalaga rin na magsagawa ng regular na feedback at pagsusuri sa mga mag-aaral upang matukoy ang mga aspeto ng kanilang pagkatuto na nangangailangan pa ng pagpapabuti.
3. Dapat nilang tiyakin na may sapat na suporta at mga materyales para sa mga guro upang magamit ang multimodal na mga stratehiya sa kanilang pagtuturo. Ang regular na pagsasanay at mga professional development sessions ay makatutulong upang mapalawak ang kaalaman at kakayahan ng mga guro sa paggamit ng mga makabagong metodo sa pagtuturo ng Filipino.
4. Para sa mga Tagapamahala ng Distrito ng mga Pamublikong Paaralan at mga Tagapamahala ng Programang Pang-edukasyon, ng mga supervisor ay Inirerekomenda na palakasin ang mga polisiya at programa na nagsusulong ng multimodal na pagkatuto sa buong distrito. Dapat magbigay sila ng mga gabay, resources, at suporta sa mga

guro upang mas mapabuti ang implementasyon ng mga stratehiyang ito, pati na rin ang regular na pagsubok at pagsusuri ng mga epekto nito sa mga mag-aaral.

5. Ang mga stakeholder tulad ng mga lokal na pamahalaan at mga non-government organizations ay dapat magbigay ng suporta sa mga paaralan sa pamamagitan ng mga programa at proyekto na naglalayong magbigay ng mga kagamitan at teknolohiya para sa multimodal na pagkatuto. Ang pakikipagtulungan sa mga paaralan at komunidad ay makatutulong upang mas mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa Filipino.
6. Inirerekomenda na magsagawa pa ng mas maraming pag-aaral tungkol sa epekto ng multimodal na pagkatuto sa iba't ibang aspeto ng edukasyon sa Filipino. Makakatulong ito upang higit pang mapagtibay ang kahalagahan ng mga stratehiyang ito at makapagbigay ng mas maraming impormasyon na maaaring magsilbing batayan sa pagpapabuti ng mga programang pang-edukasyon sa bansa.
7. Inirerekomenda na magsagawa ng mas malalim na mga pag-aaral na tumatalakay sa iba't ibang aspeto ng manipulativ na kagamitang pampagbasa, pati na rin ang epekto nito sa iba pang mga asignatura.

ACKNOWLEDGEMENT

Taos-pusong pasasalamat ang ipinapaabot ng mananaliksik sa mga sumusunod na indibidwal at tanggapan dahil sa walang sawang suporta, tulong at kontribusyon upang maging matagumpay ang pananaliksik na ito:

Dr. Bryant C. Acar, Tagapangulo, para sa kanyang panghihikayat at walang kapagurang pagsisikap sa pagpapabuti ng pag-aaral;

Dr. Annabelle A. Wenceslao, tagapayo sa pananaliksik ng manunulat para sa kanyang mahahalagang mungkahi, buong suporta at paghihikayat;

Dr. Jasmine B. Misa and Dr. Elvin H. Wenceslao, mga miyembro ng Panel na mga tagasuri para sa pagbibigay ng kanilang mga propesyonal na mungkahi at rekomendasyon para sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito;

Mr. Uldarico N. Bojos Jr. Schools District Supervisor at Mrs. Glenda T. Abarsosa Punong Guro, sa pagbibigay ng pahintulot na isagawa ang pag-aaral sa Lilo-an National High School sa Ormoc City District 5.

Sa respondente mga mag-aaral sa Lilo-an National High School baitang 11, para sa kanilang katapatan at pakikipagtulungan sa pagkumpleto sa mga datos na kailangan.

Ang pamilya ng mananaliksik, ang kanilang walang pasubaling pagmamahal at pag-unawa ay nag bigay inspirasyon sa kanya upang tapusin ang aklat na ito

At higit sa lahat, sa Panginoong Maykapal, sa mga biyayang ipinagkaloob at pagkakataon upang maipagpatuloy ang pag-aaral sa pagtatapos nang sa gayon ay magkaroon ng propesyonal na pag-unlad. Higit sa lahat, salamat sa kanyang patnubay at kaliwanagan.

Sa lahat ng tumulong sa paggawa ng pananaliksik na ito

Muli, maraming salamat po sa inyong lahat.

VI. REFERENCES

- [1] An, S. (2023). The impact of multimodal learning on student motivation. *Journal of Educational Psychology*, 115(4), 621-634. <https://doi.org/10.1037/edu0000763>
- [2] Bulu, M. S., & Uyar, M. (2022). The role of technology in multimodal learning: A systematic review. *Computers & Education*, 181, 104485. <https://doi.org/10.1016/j.compedu.2021.104485>
- [3] Lopez, R. (2024). Diversity and multimodal learning: Strategies for inclusive education. *International Journal of Inclusive Education*, 28(5), 509-525.
- [4] Vargas, A. (2023). Technology integration in multimodal learning: Impacts on academic performance. *Journal of Educational Technology*, 12(3), 45-67.
- [5] Wang, J. (2021). Feedback mechanisms in multimodal learning: Enhancing student outcomes. *Journal of Educational Psychology*, 113(2), 150-165. <https://doi.org/10.1037/edu0000602>

AUTHOR'S PROFILE**EMEJANE T. FIEL**

Ang may-akda ay ipinanganak noong Oktubre 8, 1992 sa Ormoc City, Leyte, sa Pilipinas. Tinapos niya ang kanyang Bachelor's degree sa Secondary Education na may pangunahing larangan sa Filipino sa St. Peter's College of Ormoc taong 2017. Kasalukuyan niyang tinatapos ang kanyang Master's degree of Arts in Education major in Filipino sa Western Leyte College of Ormoc City.

Siya ay kasalukuyang Guro III sa Departamento ng Edukasyon at Guro sa Baitang – XI sa Lilo-an National High School sa Barangay Lilo-an., Ormoc City, Leyte, sa Pilipinas. Siya ay isang coordinator sa Phil-iri Filipino sa nasabing paaralan mula 2021 hanggang sa kasalukuyan